

Mga Protocol para sa Serbisyo ng Pagrenta ng mga Panlabas na Equipment: Appendix D

Pinakahuling Pagbabago simula 1/26/21:

- Ang State Regional Stay-At-Home Order and Limited Stay-At-Home Order (Utos Sa Pagpanatili Sa Bahay at Limitadong Pagpanatili sa Bahay) na pang Estado Rehiyonal ay tinatanggal simula 1/25/21. Ang Long Beach ay maisasal sa Purple Tier sa ilalim ng Blueprint para sa Mas Ligtas na Ekonomiya. Binago ang mga regulasyon kaugnay sa pagkain. Inalis ang mga limitadong oras ng operasyon na tinagubilin sa ilalim ng Limitadong Pagpanatili Sa Bahay. Mga pagbabago ay may highlight na dilaw.

Ang protokol na ito ay kokompletohin ng mga negosyong nagbibigay serbisyo sa pagrenta, tulad ng kayak, patayong paddleboards, paddleboats, kitesurfing, de koryenteng banka at mga bisikleta. Ang mga tagubilin na nasa ibaba ay naangkop sa lahat ng mga negosyo na nagpaparenta ng mga panlabas na mga equipment. Karagdagan pa sa mga kondisyones na ipinitaw ng [para sa outdoor sa recreation operators, na maaaring maaaring makita sa https://covid19.ca.gov/industry-guidance/](https://covid19.ca.gov/industry-guidance/), ang mga negosyong ay dapat sumunod mga kondisyon inilatag sa Protocol para sa mga Pagrenta ng mga Panlabas na Equipment. Ang protocol na ito ay dapat maimplementa bago mag-operateang negosyo.

Paki tala: Itong dokumentong ito ay ito ay maaaring mabago sa paglabas ng mga karagdagang impormasyon at resources kaya seguradohing palaging subaybayan ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa anumang pagbabago sa dokumentong it.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Mga patakaran at pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para maseguro sa physical distancing
- (3) Mga hakbang para maseguro ang pagkontrola ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at sa publiko
- (5) Mga hakbang nang maseguro ang pantay-pantay na pag-access sa mga serbisyong kritikal

Lahat ng mga Serbisyo ng Pagrenta ng mga Panlabas na Libangan ay dapat magimplementa ng lahat ng naangkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagapaliwanag kung bakit ang hakbang na hindi naimplementa ay di naangkop.

Pangalan ng Negosyo: _____

Direksyon ng Pasilidad: _____

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

A. MGA RESTRIKSYON SA PAGRENTA

- Pagrenta ng equipment ay limitado sa mga transportasyon at/o mga aktibidad pisikal lamang, tulad ng kayak, patayong paddleboards, kitesurfing, pagrenta ng de koryenteng banca at bisikleta.
- Empleyado ang dapat nagchecheck in at check out ng pagrenta. Self-sevice na pagrenta ay pinababawala. May tauhan na dapat sa oras ng operasyon para madisinfekt sa bawat pagrenta/paggamit ng kostomer.
- Ang mga attendant o mga crew na pinapayagan sa para sa pinaparentang equipment habang ginagamit ng kostomer ay limitado sa isang empleyado lamang na kinakailangang mag-operateng sasakyang pang tubig at isa pang dagdag na miyembro ng crew. Dapat na magpanatili ng physical distancing sa pagitan ng mga attendant/crew at mga customer. Kung walang attendant, ang pinaparentang equipment ay dapat may kusang patnubay at personal na ino-operateng kostomer.
- Kung may attendant sa pinaparentang equipment, ang mga kostomer at attendant ay kailangang magsuot ng pantakip sa mukha maliban na lang kung sila ay may physical distancing sa kanilang ginagawa.
- Mga kostomer ay kinakailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras kapag gumagamit ng mga pinaparenta. Telang pantakip sa mukha ay di dapat ilagay sa mga bata na mas bata pa sa 2 taon, sinumang mang may kondisyong medikal, kondisyong ng kalusugang mental, o kapansanan na makakapagpigil sa kanila na magsuot ng takip sa mukha, o kaya ay mahihirapang matganggal ng mask kung walang tutulong.
- Ang pagrenta kung ang saan ilang tao ang pwedeng gumamit ng iisang equipment (tulad ng kayak, paddleboat, de koryenteng banka (hal. duffies, bisikleta) ay limitado sa mga indibidwal o miyembro na galing sa isang tahanan. Ang pag-share ng equipment ng mga indibidwal na di galing sa iisang tahanan ay pinagbabawal.
- Bawat equipment na ninirenta ay kailangang punasang mabuti gamit ang disinfectant na mabisa laban sa COVID-19 sa bawat gamit.
- Kapag pasusuotin ang mga tao ng helmet, gear, damit pamproteksyon, lifejacket o iba pang mga suot, mga empleyado ay dapat panatiliin ang physical distance. Kung posible, dapat ipakita ng mga empleyado ang wastong pagsuot at pagtanggap ng mga equipment kaysa susuwayin ang physical distance para tumulong.

B. PANGKALAHATANG RESTRIKSYON NG PASILIDAD

- Mga kostomer ay kinakailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras kapag gumagamit ng mga pinaparenta. Telang pantakip sa mukha ay di dapat ilagay sa mga bata na mas bata pa sa 2 taon, sinumang mang may kondisyong medikal, kondisyong ng kalusugang mental, o kapansanan na makakapagpigil sa kanila na magsuot ng takip sa mukha, o kaya ay mahihirapang matganggal ng mask kung walang tutulong.
- Mga karatulang may instruksyon at impormasyon hinggil sa kontrol ng impeskyon, physical distancing at paggamit ng takip sa mukha ay nakapaskil sa kapaligiran ng panlabas na pasilidad.
- Ipaalam ng maaga sa mga kostomer lahat ng mga protokol ng kaligatasan.
- Lahat ng empleyado at mga kostomer ay kailangang magsuot ng telang pantakip sa mukha sa lahat ng panahon kapag lalapitan (kulang kulang ng 6 talampakan kung 10 minuto o mahigit).

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Kinakailangang ang mga reserbasyon at hinihikayat ang mga kostomer na gamitin ang debit/credit card palagi sa oras ng reserbasyon.
- Ang pagbayad ay gagawin sa mula sa isang starter window na nakaharap sa labas o sa isang check-in na mesa sa loob na pasilidad. o sa isang mesang pang check-in sa labas ng pasilidad. Anim na talampakan (6 ft) ng physical distancing ang nakamarka para ipaalam sa mga kostomer kung saan sila maghihintay para magbayad. Gumamit ng mga touchless na bayaran kung mayroon.
- Hikayatin ang pagbayad gamit ang gift, debit o credit card.
- Ang espasyo sa pagitan ng empleyado at kostomer ay dinagdagan (e.g. partiyon, salamin sa mga lugar ng bayaran)
- Mga marka o linya ay niligay para makalikha ng anim na talampakan na harang para mabawasan ang paglapit ng mga kostomer at ng publiko.
- Hand sanitizer, sabon at tubig, o mga mabisang disinfectant/wipes ay handa para sa mga kostomer sa pasukan ng pasilidad at sa mga kariton ng inumin at estasyon/pasilidad ng pagkain at sa mga banyo, at ibang pang mga punto ng kontak.
- Hindi kukulang ng 10 minuto ang pagitan ng mga reserbasyon. Hinihikayat ang mga kostomer na dumating sa pasilidad ng hindi kukulang sa 10 minuto bago magsimula ang pagrenta.
- Touchless ang mga basurahan. Mga takip ay tinanggal kung mayroon man.
- Palaging nililinis at dinidisinfect lahat ng mga banyo. Mga pinto ay binukas kung posible para mabawasan ang paghipo ng mga hawakan o mga ibabaw.
- Ang mga pagbenta kailangang sumunod sa Protokol ng Physical Distancing para sa Retail. Nakabukas ang mga pinto kung saan man posible.
- Kinakailanang umalis agad ang mga kostomer pag natapos na ang oras ng kanilang pagrenta. Walang pagtitipon o pagusunodsunoran sa parking lot ang pinapayagan.
- Anumang edukasyon or eksplanasyon kung paano gamitin ang mga equipment ay kailangang gawin gamit ang video o gawin ng empleyado mula anim na talampakan ang layo sa kostomer.
- Nakapaskil ang protokol na ito sa isang lugar na nakikita ng mga empleyado at ng publiko.

C. PAGKAIN AT INUMIN

- Mga restawran na dine-in, bars, snack bars at iba pang mga concessions ay dapat patakbuhan alinsunod sa mga kasalukuyang mga utos at gabay para sa mga restawran na nasa Protocol ng mga Restawran.
- Lahat ng mga stasyon ng pagkain na self-service ay dapat sarado, kasama ang mga, kapihan, soda fountain o mga toasters.
- Kung saan posible, mga kostomer at bisita ay dapat mag-order ng pagkain online o sa itawag sa telepono at ang pagkain ay dapat handa para pickup-in. Mga snack bars or concessions ay dapat handa para sa mga pag-pickup ng mga inorder na mga pagkain. Kung pag pre-order ay hinid pwede, seguraduhin na ang mga bisitay ay nagpapanatili ng physical distancing kapag umorder.
- Mga snack bars at mga concessionaires ay dapat mga tinda ng mga pre-pack na pagkain at mga nakabalot na kung posible. Ibalot ang mga kubyertos sa napkin nang hindi ito kunin ng mga tao sa lagayan ng kubyertos mula sa basket, tasa o kahon.
- Mga potluck o ma katulad na mga salusalong kainan at inuman na nagpapalakas ng panganib ng kotaminasyon ay ipinagbabawal.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

D. PROTOKOL NG PAGDISINFECT

- Monitor o Screen ng punto bayaran ay dinidisinfect sa bawat transaksyon gamit ang disinfectant na mabisa laban sa COVID-19
- Mga lugar na parating hinihipo ay palaging pinupunasan.
- Mga counter at mga bintana ng serbisyo ay palaging sinasanitize ng mabisang disinfectant laban sa COVID-19
- Maglagay ng pangdisinfect sa lahat ng mga bayaran, bolpen, at mga stylus sa bawat paggamit.
- Inatasan ang mga empleyado na i-disinfect ang mga ibabaw na madalas hipuin.
- Ang bawat equipment ni nirerenta ay dapat punasan ng mabuti gamit ang disinfectant na mabisa laban sa COVID-19 pagkatapos ng bawat paggamit.
- Inatasan ang mga empleyado na i-disinfect ang mga equipment sa bawat paggamit.
- Hand sanitizer (na mayroong di kukulang na 60% na alkohol), sabon at tubig, o disinfectant na mabisa laban sa COVID-19 palaging handa para sa publiko saan man may mayroong madalas na interaksyon ng empleyado at mg miyembro ng publiko.

E. PROTOCOL NG MGA EMPLEYADO

- Mga empleyado na may kontak sa iba ay aalukin ng libre at angkop na takip sa mukha na natatakpan ang ilong at bibig. Ang takip ay susuotin ng empleyado sa lahat ng panahon habang na sa trabaho maliban kung ang empleyado ay nagtrabaho sa sasakyan, na sa opisina, o mag-isa sa silid. Ang mga empleyado na may instruksyon sa kanilang manggagamot na di dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa laylayan o dulo, alinsunod sa mga direktibo ng Estado, basta ito ay pinapayagan ng kanilang kondisyon. Ang drape na hapit sa ilalim ng bata ang nirerekomenda. Mga masks na may one-way valve ay hindi dapat gamitin.
- Ang di sabay sabay na simula ng tauhan at ang paghati ng mga shift ay isinagawa para malimita ang bilang ng tauhan sa sityo, ang mga miting, lunch break, ang mga oras ng pag-alis. Walang grupong pinapayagang mag tipon tipon.
- Mga miting ng mga tauhan ay gagawin sa labas para mapanatili ang physical distancing.
- Mga bisita o mga ahente ay di papayagan sa loob o sa paligid ng pasilidad. Kasama na dito ang mga distributor at mga representante ng manufacturer. Ang miting ay gaganapin sa telepono, zoom o sa iba pang mga platapormang birtwal.
- Paggamit ng time clock ay di na ipagpapatuloy, kung posible.
- Mga empleyado ay kinakailangan at pinapayagan ng sapat na panahon na maghugas o magsanitize ng mga kamay kada 30 minutos o kung kailangan lamang kapag may gwantes na binigay. Mga locker rooms ay inalisan ng mga nilalaman. Mga karagdagang uniporme at mga gear at lahat ng mga personal na mga bagay ay itago sa mga personal na sasakyan. Walang mga personal na bagay ang papayagang itago sa loob ng sityo.
- Ang mga bagay sa breakroom na madalas ginagamit (hal. coffee pots, vending machine, refrigerators at microwave) ay sinuspende. Mga personal na cooler ay pinapayo para sa mga personal na pagkain/inumin at dapat itago sa personal na sasakyan)
- Ang pangalawang break at lunch na lugar ay itatayo kung posible para mapayagan ang malawakang physical distancing.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Ang management ay naghanda ng mga patnubay sa paglinis ng pasilidad nang hindi kukulang sa tatlong beses sa isang araw; (Sa umaga pagkadating ng tauhan at sa pagalis ng mga team papuntang pasilidad, pagkatapos ng oras ng lunch at , pag-alis pagkatapos ng shift at magpokus sa lahat ng hinahawakan (doorknobs, banyo, mesa, silya, lababo, computer/keyboards atbp.) Mga madalas hinahawakang mga lugar ay maaring mas madalas linisin.
- Pinaalalahanan ang mga empleyado na sundin ang mga aksyon ng personal na prebensyon kasama ang:
 - Manatili as bahay kung may sakit. Sa bahay lamang sa loob ng tatlong araw (72 oras) pagkatapos gumaling, ibig sabihin ang iyong lagnat ay gumaling na hindi gumamit ng gamot na pampababa ng lagnat at bumuti ang sinotmas pang respiratoryo (e.g. ubo, paghingal), AT hindi kukulang sa sampung araw na lumipas simula ng unang lumabas ang sintomas.
 - Dalasan ang paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi kukulang sa 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng sanitizer na gawa sa alkohol na may hindi kukulang sa 60% alkohol. Hugasan ang mga kamay bago kumain, pagkatapos gumamit ng banyo at pagkatapos umubo at bumahing.
 - Takpan ang inyong pagubo at pagbahing ng tisyu at pagkatapos itapon ang tisyu at agad hugasan ang mga kamay. Kung walang tisyu, gamitin ang siko (huwag ang mga kamay)
 - Huwag hawakan ang bibig, mata, ilong ng di hinugasang mga kamay.
 - Iwasan ang paglapit sa mga taong may sakit.
 - Iwasan ang pagpapagamit ng telepono o iba pang mga devices. Kung ang mga devices ay kailangang ipahiram, seguraduhing punasan ng disinfectant wipe bago at pagkatapos ipahiram.
 - Palaging obserbahan ang inyong distansya sa kapwa katrabaho. Palaging panatiliin ang rekomendadong 6 feet na separasyon sa iba pwera na lamang kung may partikolar na trabaho na kinakailangang lumapit at magsuot ng pantakip sa mukha pag nagtatrabaho malapit o kasama ng iba.
 - Idisinfect ang mga madalas na hinahawakan na mga bagay at mga ibabaw tulad ng workstations, keyboards, telepono, hawakan, makina, device na hiramang at mga doorknob. Ito kailangang gawin sa lahat ng oras ng trabaho.
 - Hikayatin ang mga empleyado na imbes na makipagkamayan, magsagawa ng mga pambati na walang hawakan sa mga kostomer at mga miyembro.
- Pagtanal ng mga time clocks o ang pag-atas sa management o isang indibidwal na responsable sa pag punch in at out ng me empleyado.
- Mga kopya ng Protokol na ito ay ipinamigay na sa lahat ne empleyado.
- Mayroong disinfectant na mabisa laban sa COVID-19 at iba pang mga kaugnay na supply para sa lahat ng mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:
- Mayroong hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 para sa lahat ng mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:
- May sabon at tubig para sa lahat ng me empleyado sa mga sumusunod na lokasyon:

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

F. MGA HAKBANG PAGKATAPOS NG SHIFT

- Ang tauhan ay responsable para magdisinfect ng equipment pagkatapos gamitin. Ang disinfectant sa mga estasyon ng tools ay handa para sa mga tauhan ng mapununasan ang tools bago at pagkatapos gamitin.
- Lahat ng miyembro ng tauhan ay dapat umalis agad ng property pagkatapos ng kanilang shift.
- Bawat miyembro ng team ay pinaalalahanan sa importansya ng physical distancing sa labas at sa loob din ng trabaho.

G. MGA PROTOKOL NG PAGMONITOR

- Magalang ngunit matatag na komunikasyon ang kinakailangan sa kahit sinong patron na sumusuway sa mga protocol ng kaligtasan. Ang mga patron ay pinapaalalahanan na kahit anong pagsaway sa Physical Distancing Protocols ay mapapanganib ang patuloy na operasyon ng mga lokal na mga negosyo ng pagrenta ng panlabas na libangan.
- Sinumang patron na tumatanggi sa pagsunod sa mga protokol ng kaligtasan pagkatapos ng unang babala ay paalisin agad sa propyedad.

Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisali dito ay dapat ilista sa hiwalay ng mga pahina at ilakip sa dokumentong ito.

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao sa anumang tanong o komento tungkol sa protokol na ito.

Kontak Sa Negosyo: _____ **Telepono:** _____

Petsa ng huling pagbabago: _____